

Rehistro ng Wika ng mga Camarero sa Lungsod ng Makati /

Language Registers of Camareros of Makati City

Marianne C. Ortiz

Alvin M. Ortiz

Polytechnic University of the Philippines–Manila

vinian23@gmail.com

Sa Pilipinas na itinuturing na Katolikong bansa, higit na pinag-uukulan ng atensiyon ng mga Pilipino ang taimtim na pagdiriwang sa Semana Santa kaysa palipasin ang panahon ng tag-init sa pagbabakasyon dahil sa paniniwalang ito'y paggunita sa pinagdaanan at sakripisyo ni Hesukristo mula sa pagpasan niya ng krus hanggang sa kaniyang pagkamatay at muling pagkabuhay. Ipinagdiriwang ang semana santa sa halos malaking bahagi ng Pilipinas. Ang ilan sa mga gawaing kaugnay ng selebrasyong ito ay ang pagsasagawa ng mga pabasa, Visita Iglesia, at mga prosisyon. Prosisyon ang tawag sa paggamit ng replika o rebulto ng mga santo na kabilang sa kuwento pagpapakasakit ni Hesukristo. Sa Lungsod ng Makati, isinasagawa ang mga prosisyon tuwing Miyerkoles Santo at Biyernes Santo, ang mga santong ito ay pagmamay-ari ng mga tinatawag na camarero. Layon ng papel na ito na ilahad ang mga umiiral na rehistro ng Filipino na ginagamit ng mga camarero sa kanilang pakikipag-ugnayan sa kapuwa camarero. Sasaklawin ng pagtalakay sa papel ang mga korpus na makakalap mula sa kanilang pag-aalok, pagbibili, paghahanda, pagdadamit, at pagdedekorasyon sa mga alagang imahen sa tuwing ang mga ito'y ilalabas na para sa prosisyon ng semana santa.

Mga Susing Salita: camarero, estruktura, leksiko-gramar, rehistro ng wika, speech community

As a predominantly Catholic country, the majority of Filipinos choose not to spend their summer on a vacation, and instead, they use this season to solemnly celebrate the Holy Week a time wherein Catholics around the world remember the sacrifices of Jesus Christ on the cross until He rose from the dead. This Catholic celebration is strongly felt in the Philippines. Some notable activities during Holy Week include the reading of Pasyon a Philippine epic narrative of the life of Jesus Christ; Visita Iglesia; and procession. Unlike parade, the procession held during Holy Week is sacred, as it highlights various replicas or images of the saints that reflect the passion, death, and resurrection of Jesus Christ. In Makati City, the procession happens every Holy Wednesday and Good Friday. During those days, some of the busiest people are the camareros as they owned the sculptures gracing the said processions. The purpose of this study is to determine the existing language register used by the camarero when communicating with other camareros. This paper will cover the corpus used by camareros on their various tasks, such as negotiating or selling replicas, buying images, and most specially when preparing the figures before joining the Holy Week procession.

Keywords: camarero, language registers, lexico-grammar, speech community, structure

PANIMULA

Sa Pilipinas na itinuturing na Katolikong bansa, ang panahon ng tag-init ay hindi lamang panahon ng pamamasyal o pagtungo sa magagandang atraksiyon sa bansa, panahon din ito ng paggunita sa pinagdaanan at sakripisyo ni Hesukristo mula sa pagpasan niya ng krus, sa kaniyang pagkamatay, at muling pagkabuhay. Ipinagdiriwang ang Semana Santa sa malaking bahagi ng Pilipinas, ang ilan sa mga gawaing kaugnay ng selebrasyong ito ay ang pagsasagawa ng mga pabasa, Visita Iglesia, at mga prosisyon. Prosisyon ang tawag sa paggamit ng mga rebulto o imahen ng mga santo na kabilang sa kuwento ng pagpapakasakit ni Hesukristo na isinasagawa tuwing Semana Santa.

Sa isang dokumentaryo ni Dr. Jojo Bersales na may pamagat na *Kabilin Semana Santa* na mapapanood sa *YouTube*, nakapanayam niya si Gng. Azucena Pace na isang historyador at kolektor sa Munisipalidad ng Baliri. Inilahad ni Pace na ang mga Pilipino ay sumusunod sa tradisyonal na ritwal ng mga Espanyol upang ipagdiwang ang Semana Santa sa simula pa lamang ng Linggo ng Palaspas hanggang sa pagsasagawa ng mga prosisyon sa mga araw ng Miyerkoles at Biyernes Santo. Dagdag pa niya, sa Espanya may nagaganap pa na pagpapalaya sa isa sa mga bilanggo na tulad ng pangyayari noon ng pagpapalaya kay Barabas. Ngunit

nababalutan ng tela ang ulo ng bilanggong pinalaya upang hindi makilala ang personalidad nito. (*Kabilin Semana Santa* 2012)

Isa lamang ang Lungsod ng Makati sa mga lugar sa Metro Manila na may buhay na buhay na pagdiriwang ng Semana Santa. Nagsimula ang tradisyong ito sa Makati noong 1912, sa pamamagitan ng patulang pagbabasa ng pasyon ng ilang pamilya sa kanilang mga tahanan. Kinalaunan ang patulang pagbasa ay napalitan ng paglalapat ng himig na lalong nakahikayat sa ibang pamilya na gawin ang pagpapabasa ng pasyon. Mula sa loob ng kanilang tahanan, isinagawa nila ito sa kanilang mga bakuran hanggang sa ang mga pamilyang ito ay nakapagtatag na ng tinatawag nilang samahan. Ang samahan na ito ang asosasyon ng mga taong may partikular na debosyon. Dulot ng pagkakalikha ng samahan, umusbong ang pagtatayo ng mga kubol na kinalaunana'y tinawag na nilang *kalbaryo*. Naitayo noong 1916 ang kauna-unahang kalbaryo na pinangalanang "Ilaya," ito ay bunga ng sama-samang pagsisikap ng mga pamilyang naninirahan sa daang Ilaya ng Poblacion Makati. Mula sa isa ay naging lima at hanggang sa kasalukuyan, mayroon nang apatnapu't walong kubol o kalbaryo. Noong una, pawang mga krus lamang ang laman ng bawat kalbaryo, ngunit sa pagdaan ng mga taon napalitan na ito ng mga imahen ng santo at santa na kabilang sa tinatawag na *tableu*

ng pinagdaanang pagpapakasakit ni Hesukristo. Ang mga kubol at mga imahen na ito ang nakapukaw ng interes ng mga mananampalataya, hindi lamang ng mga taga-Poblacion kundi pati na rin ng ibang lugar. (Travel Time 2005).

May pagkakahalintulad ang tradisyong ito ng Semana Santa ng mga taga-Makati sa pagdiriwang ng mga taga-Barili-Cebu at ng bansang Espanya. Halimbawa nito ang pagdiriwang at pagsasagawa ng prosisyon sa Linggo ng Palaspas, at ang prosisyon para sa Miyerkoles at Biyernes Santo. Ilan pa sa pagkakatulad ay ang pagsusuot ng itim na belo at damit, paglalakad ng nakayapak habang nasa prosisyon ng Dela Silencio tuwing Biyernes Santo, gayundin ang pagmamay-ari at pag-iingat sa mga imahen na naging tradisyon din ng bawat angkan o pamilya na kanilang isinasalin pa sa mga sumusunod na henerasyon. (*Kabilin Semana Santa* 2012)

Bawat rebulto ng mga santo ay pagmamay-ari o pinangangalagaan ng mga camarero. Binigyang kahulugan ng *Collins Dictionary* ang camarero/a bilang “waiter,” “waitress,” at “chamberlain” na nangangahulugang tagasilbi. Nalalapit ang pagpapakahulugang ito sa isang blog ni LaDragonaria, na tinalakay niya ang pinag-ugatan ng kahulugan ng salitang ito. Ayon sa kaniyang blog na “Behind The Word Camarero/a vs. Mesero/a,” nagmula ang salitang camarero sa salitang Espanyol na *la camara* na may dalawang kahulugan, ang “camera” at “chamber” sa Modern Spanish. Sa Older Spanish, naman binigyang kahulugan ito bilang “chamberlain” o “chambermaid” na malapit sa konseptong “lady’s maid.” Ang mga chambermaid o chamberlain ay di lamang nangangasiwa sa pagpapanatili ng kalinisan ng silid kundi pati na rin sa pagbibihis sa kanilang mga pinagsisilbihan (LaDragonaria). Kung susuriin ang dalawang pagpapakahulugang nabanggit, matutukoy na parehong nakatuon ang salita sa pagsisilbi. Marahil ay dito hinango ang taglay na kahulugan ng salitang camarero sa larang ng pagsasanto.

Camarero ang tawag sa taong naging kaugalian na ang pag-aalaga o pagmamay-ari ng mga rebultong santo, at kadalasan pa nga, ang tradisyong ito ay naipapasa sa susunod na henerasyon. Itinuturing ng mga camarero na isang anyo ng pamamanata ang gawaing ito. Pinaniniwalaan ng mga camarero na ang pagkakaroon ng imahen ng mga santo ay nakapagpapatibay sa kanilang pananampalataya. Hindi natatapos sa pag-aalaga at pagmamay-ari ng

mga imahen ang pagiging camarero, kabilang din sa kanilang mga gawain ang pagbibihis at pagbabasta sa mga alagang imahen sa tuwing ang mga ito’y ilalabas na para sa prosisyon ng Semana Santa. Ginagawa rin itong hanapbuhay ng ilan sa kanila sa pamamagitan ng pagbibili sa mga ito.

Layon ng pag-aaral na ilahad ang sining sa paggamit ng mga camarero sa wikang pambansa sa pamamagitan ng pagtukoy ng ilang mga naitalang salita na kanilang ginamit sa pakikipagtalastasan. Ilalahad dito kung paanong ang kanilang pangkat ay magsisilbing lunan o speech community na siyang salubungan ng diskurso ukol sa usapin ng pagmamay-ari, pangangalaga at pagbabasta sa mga ito.

Sa *Ethnography of Communication* ni Dell Hymes, inilahad na ang isang speech community ay pangkat ng mga ispiker na gumagamit ng isa o higit pang komunikatibong barayti at norm para sa angkop na gamit nito (Johnstone at Marcelino). Ang kanilang pakikipagtalastasan sa isang partikular na paraan ang nagpaiba sa kanila sa iba pang pangkat ng mga mananalita. Ang pagtataglay ng sariling koda o rehistro sa larang na ito ang bumuo sa kanila bilang isang speech community.

Dahil kaugnay ng wika ang tao at kultura, hindi mapasusubalian ang pagtataglay ng mga camarero ng sarili nilang koda o rehistro, maiuugnay rito ang pagkakategoryang ginawa ni Fernando Zobel de Ayala sa mga estilo ng eskultura at pagpipinta ng mga imahen ng simbahan sa Pilipinas. Inuri niya ito sa tatlo. Una ang popular na estilo na ang mga pintor at eskultor ay nabibilang sa mga hindi kilala at hindi nakapag-aral, na ang tema ay karaniwan; pangalawa ang klasikal na ang mga obra ay nabibilang sa Philippine Colonial Period at ang kakaiba na pinaniniwalaang mga purong Pilipino ang lumikha. Ang mga estilong ito ay pagkakategorya sa mga uri ng tao na magdudulot sa pagkakaroon ng sari-sarili nilang rehistro batay sa grupong kanilang kinabibilangan. Isama pa rito ang mga tiyak na lunan na itinatampok ng mga eskultor at pintor ang kanilang gawa. Hinati rin ito ni Zobel sa pormal, para sa mga lunan tulad ng simbahan, kumbento at mga opisyal na gusali ng simbahan at ang impormal para sa tahanan o mga lugar na labas sa simbahan. Ang mga lunang ito ay mauuri bilang speech environment na ang mga ispiker na lumalahok sa mga ito ay pumipili ng tiyak at katanggap-tanggap na rehistro para sa kanilang kausap (Fernandez at Legarda).

Inilahad ni Johanna S. Destefano sa kaniyang riserts na “Social Variation in Language Use” na tumutukoy ang rehistro sa baryasyon ng wika. Naging sentro ng kanyang pag-aaral ang isang paaralan na ang mga naging respondente ay nasa una, ikatlo, at ikalimang antas. Sinukat niya ang naging epekto sa pagtatamo ng rehistro ng wika sa pamamagitan ng Language Instruction Register. Natuklasan niya na ang mga mag-aaral na kalahok ay hindi lamang gumagamit ng iisang rehistro ng wika, bagkus nagkakaiba ang mga rehistrong kanilang gamit depende sa ibinibigay ng pagkakataon (Destefano). May pagkakahawig ang pag-aaral na ito ni Destefano sa riserts na “Speech Registers in Young Children” ni Thelma E. Weeks. Pinag-aralan dito ang taglay na speech registers ng mga bata at natukoy nito na posibleng makilala ang mga rehistrong umiiral sa kanilang komunidad sa pamamagitan ng mga *phonetic markers at communicative value* (Weeks).

Inilarawan ang kaakuhan ng Lungsod ng Pateros sa pamamagitan ng papel na “Panimulang Pag-aaral sa Varayti ng Tagalog-Pateros sa Domeyn ng Balutan” ni Voltaire Villanueva. Naisagawa niya ito sa pamamagitan ng pagtatala sa mga leksikal na aytem sa dominyo ng balutan na tanyag sa Pateros. Mula sa prosesong ito, nailahad niya ang mga pamamaraan sa pagbuo ng salita sa balutan tulad ng paglalapi, pag-uulit at pagtatambal na nagbubunga rin ng deribasyon ng mga salita sa iba’t ibang wika sa bansa (Villanueva).

Naging saklaw ng pag-aaral na may pamagat na “Sa Pasalitang Diskurso ng Tagalog Varayti sa Taguig” ni Maria Fe G. Hicana na nalimbag sa *Malay Journal* ang mga di-Tagalog na mamamayan na naninirahan sa limang barangay sa Taguig upang mailarawan ang kanilang mga pasalitang diskurso at upang matukoy ang mga varayti ng Tagalog-Pateros. Ginamit na batayan ng pagsusuri ang ponolohiya, morpolohiya, at sintaks. Natuklasan ng pag-aaral na ito ang tungkulin ng unang wika sa pagsasalita sa pangalawang wika (Hicana).

Ang pag-aaral na “A Comparative Study on the Formation of Gay Language Words and UV Express Codes” nina Feorillo Petronilo A. Demeterio III, Catherine Z. Deocareza, at Mariell C. Gidalanga ay nakapagtala ng 15 tiyak na proseso sa pagbuo ng salitang *bakla* gayundin sa pagbuo ng mga code ng UV Express. Bagaman may pagkakaiba sa tema at ilang pamamaraan ng pagkakabuo ng mga salita, naipakita ng pag-aaral na may 11 namang tiyak na proseso na

ipinagkatulad ang dalawa (Demeterio, Deocareza, at Gidalanga).

Pinatutunayan ng mga naitalang pag-aaral na ang rehistro ng isang wika ay nagtataglay ng sariling kaakuhan nito. Makikilala ang rehistro bilang eksklusibong katawagan sa isang larang sa pamamagitan ng paglalarawan sa taglay nitong estruktura.

Bibigyang diin sa pag-aaral na ito ang pagtugon sa mga sumusunod na suliranin: (1) Ano-ano ang mga rehistro ng Filipino na ginagamit ng mga camarero; (2) Paano nabubuo ang mga rehistrong ito; at (3) Ano-ano ang mga estruktural na anyong taglay ng nasabing rehistro?

Metodolohiya

Nagmula ang korpus na sinuri sa pag-aaral na ito sa usapan sa *Facebook* group na Esculturas Religiosas en las Filipinas ng mga camarero ng Makati. Nabuo ang FB group na ito noong Agosto 3, 2010. Ito ay samahan ng mga tinatawag na *santo enthusiast*. Nagsagawa rin ng pakikipanayam sa kanila sa pamamagitan ng *messaging*. Kinapanayam ng mga may-akda sina G. Ronald E. Yacat at G. Francisco Vecin. Mahalaga ang ginampanang papel ng dalawang camarero na ito, sila ang dalawang katauhan na magpapakilala sa *golden ages* at bagong henerasyon ng mga Camarero de Makati.

Kinalakhan ni Francisco Vecin ang pag-aalaga at pagmamay-ari sa santo. Ito ay minana pa niya sa kaniyang mga ninuno. Taong 1958 nang magsimulang lumahok sa prosisyon ang kanilang pamilya sa pamamagitan ng santong pagmamay-ari ng kaniyang pamilya, ang Halik ni Hudas. Ang kauna-unahang imahen na kaniyang pagmamay-ari ay ang Sta. Maria Cleofas na kaniyang ipinundar noong 1961 nang siya ay 16 na taong gulang pa lamang. Nagmamay-ari siya ng higisa 100 ulo at katawan ng mga life-sized images at halos lahat ng imahen o rebultong ito ay ginagamit sa prosisyon ng Semana Santa ng Poblacion Makati. Ang ilan sa mga santong ito ay binili niya mula pa sa mga pamilya sa Cebu, Iloilo, Pampanga, Quezon at kay Henry Cortez.

Dahil tubong Poblacion Makati, nasaksihan naman ni Ronald E. Yacat mula sa kaniyang pagkabata ang tradisyong ito. Nagsimula sa paglalaro ng maliliit na santo, paglikha ng malilit na karosa at pagsasagawa ng kunwaring prosisyon ang naging inspirasyon, bunga

ito ng pagiging malapit ng kaniyang pamilya sa mga gawain sa simbahan. Nang siya'y makapagtrabaho, sinimulan na niya ang pagpapagawa ng mga santo, si Hesus del Silencio ang unang santo na kaniyang pagmamay-ari na nailagay rin sa mga kubol o kalbaryo ng Makati. Sa kasalukuyan, mayroon na siyang mahigit sa sampung santo na itinatampok sa pagdiriwang ng Semana Santa sa Poblacion Makati.

Binuo ng tatlong bahagi ang presentasyon ng mga datos na nakalap. Ang talaan ng mga leksim na hindi nabago ang orihinal na kahulugan, mga leksim na nagbago ang kahulugan at ang pagsusuri sa estrukturang taglay ng mga ito. Sinuri ito sa pamamagitan ng paglalahad ng etimolohiya nito, pagpapakahulugan mula sa etimolohiya, pagpapakahulugan batay sa pagkakagamit ng mga camarero, pagtukoy sa pagbabagong naganap sa kahulugan ng leksim at proseso ng pagkakabuo sa mga ito.

Naging tuntungan ng pagsusuri sa mga korpus ang apat na susing elemento ng Systemic Functional Linguistics ni M.A.K. Halliday. Sa teoryang ito, ipinaliliwanag na ang pag-aaral, pagsusuri sa relasyong namamagitan sa wika at ang gamit o silbi nito sa isang lunan ng lipunan (Nordquist).

Ginagabayan ang teoryang SFL ng apat na elemento sa pagsusuri ng teksto at pagkagamit sa wika: ang pagsusuri sa konteksto, semantiks, leksiko-grammar, at Ponolohiya (Almurashi). Ginamit na salalayan ng papel na ito ang dalawa sa apat na elemento ni Halliday, una ang leksiko-grammar.

Leksiko-grammar ang tawag sa ugnayan ng leksikon at grammar bilang isang sistemang galing sa dalawang magkahiwalay na disiplina. Gaya ng nabanggit, nahahati ito sa dalawa, ang leksikolohiya at grammar, dalawang mahahalagang anyo ng wika na magkaiba ngunit may pagtatagpo. Sa leksikolohiya, tinatalakay ang leksikal na aytem na may tiyak na kahulugan habang ang grammar naman ay kumikilala sa mga tuntunin, estruktura, klasipikasyon ng mga salita, at paggamit nito sa isang wika. Sa pagkakataong ang isang leksim ay ginamit sa isang diskurso at nagdulot ito ng pagbabago, maaaring sa kahulugan o klasipikasyon nito bilang isang salita, (*1. Pangngalang Pambalana > Pangngalang Pantangi Hal. diyos > Diyos 2. Panghalip para sa bagay > Panghalip Pano Hal. Siya para sa tao > Siya na nagagamit na rin sa bagay*) tinitingnan ang penomenong ito bilang leksiko-grammar. Sa papel na ito, ang mga talang leksim galing sa mga camarero ay susuriin

batay sa naganap na pagbabago sa kahulugan at klasipikasyon.

Pangalawa, ang morpolohiya, upang tukuyin ang proseso ng pagkakabuo ng mga leksim. Bukod sa pagkilala sa lingguwistikong katangian bilang paraan ng pagbuo ng salita, aagapay rin sa papel na ito ang leksikal na panghihiram nina Haugen, Weinrich, at Romaine.

Sa pamamagitan ng paggamit kay Halliday bilang tuntungan ng pag-aaral na ito at sa pagsusuri sa mga leksim, malinaw na mailalarawan ng pag-aaral ang mga rehistro ng Filipino na taglay ng mga camarero at ang prosesong pinagdadaanan sa pagbuo ng mga ito. Matitiyak ang pagiging eksklusibo ng mga rehistrong ito sa nasabing larang. Makatutulong din ang papel na ito sa pagmamapa ng estruktural na anyo ng mga umiiral na rehistro at ilan pang barayti ng Filipino.

Pagsusuri at Resulta ng Pag-aaral

Tulad ng ibang larang at disiplina, ang mga camarero ay may mga tiyak na terminong ginagamit sa kanilang pangangalaga sa mga santo/a. Nakapagtala ang mga may-akda ng papel na ito ng mga leksim na kanilang ginagamit mula sa kagamitan, pamamanata at pagsamba, pagbabasta, pagtatanghal at pagtatampok sa mga ito. Matapos matipon ang mga korpus, inugat ang etimolohiya ng mga leksim, pati na rin ang kahulugang taglay nito sa pinagmulang salita. Inilahad din ang natatanging kahulugan ng mga leksim batay sa pagkakagamit ng mga camarero. Mula rito, hinati sa dalawang kategorya ang mga nasabing leksim, ang mga leksim na nananatili ang orihinal na kahulugan at ang mga leksim na nagtaglay ng panibagong kahulugan. Ipinakikita ng talahanayan blg. 1 ang mga leksim na nananatili ang orihinal na kahulugan habang ang talahanayan blg. 2 naman ay ipinakikita ang mga leksim na nagtaglay ng panibagong kahulugan.

Talahanayan Blg. 1. Mga Leksim na Nananatili ang Orihinal na Kahulugan

Salita	Pinagmulan	Kahulugan
<i>Debosyon</i>	Mula sa salitang Latin na <i>devotio</i> , sa Ingles ay <i>devote</i> na nangangahulugang “pag-ibig, pagiging tapat sa isang indibidwal at gawain.”	Mga gawain na nagpapahayag ng pananampalataya at pagkabanal. Maaaring sa pamamagitan ng dedikasyon, pananalangin at pananampalataya.
<i>Beato</i>	Salitang Espanyol na may katumbas sa Portuguese at Italyano na nangangahulugang “blessed.”	Nangangahulugang “nabasbasan” o “pinagpala.”
<i>Carroza</i>	Salitang Espanyol na nangangahulugang “float” sa wikang Ingles. Hiniram ang katawagang ito at binaybay sa Filipino bilang <i>karosa</i> .	Ito ang nagsisilbing karo o sasakyan ng mga santo o imahen kapag sila ay ipoprosisyon. Maaaring gawa sa kahoy o kaya nama’y lata na may magagandang ukit. Nilalagyan ng mga bulaklak at ilaw upang lalong maitampok ang kabanalan ng mga imahen.
<i>Eskultor</i>	Mula sa salitang Espanyol na <i>escultor</i> na tumutukoy sa “taong may alam sa sining ng eskultura o pag-uukit”	Tumutukoy sa isang indibidwal na umuukit sa mga imahen ng santo/santa.
<i>Pasyon</i>	Mula sa salitang Latin na <i>passion</i> , tumutukoy sa katawagan sa Christian theology na nangangahulugang “paglalarawan sa paghihirap at pagkamatay ni Hesus.”	Paglalarawan sa paghihirap at pagkamatay ni Hesus
<i>Resplendor</i>	Salitang Espanyol na nangangahulugang “radiance” o “liwanag.”	Simbolo ng liwanag na nagmumula sa mukha ng Mahal na Birhen at kalimitang ginagamit sa Birhen Dolorosa.
<i>Bastidor</i>	Salitang Espanyol na nangangahulugang “frame.”	Ito ay mga patpat, stick o wooden pieces na nakapalibot sa santo upang makabuo ng silwetang hugis-tatsulok.
<i>Vicaria</i>	Mula sa salitang Latin na <i>vicar</i> na nangangahulugang “kahalili.”	Tumutukoy sa replika ng santo na inililibot o ipinoprosisyon kapalit ng orihinal na imahen.
<i>Tocado/a</i>	Salitang Espanyol na nangangahulugang “headdress”	Tumutukoy sa <i>lace</i> (piraso ng telang may burda) na nakapalibot sa paligid ng mukha ng isang birhen.

<i>Tunica</i>	Mula sa salitang Latin na <i>tunic</i> at naging <i>tunica</i> na nangangahulugang “panloob.”	Ito ang panloob na damit ng isang lalaking santo.
<i>Diadema</i>	Mula sa Old French na <i>deiademe</i> at sa Latin na <i>diadema</i> na nangangahulugang “telang itinatali sa ulo bilang simbolo ng royalty.”	Bilog na metal na nakapalibot sa ulo ng imahen at sumisimbolo sa kaluwalhatian ng santo. Karaniwan na mga babaeng santo lamang ang pinagsusuot nito.
<i>Manto</i>	Salitang Espanyol na nangangahulugang “kapa” o “cloak.”	Tumutukoy sa kapa ng santo.
<i>Kinumisyon</i>	Mula sa salitang Latin na <i>commissio</i> na nangangahulugang “halaga ng salapi na ibinabayad sa isang indibidwal o ahente mula sa isang komersiyal na transaksyon.”	Halagang ibinabayad ng isang camarero sa kaniyang ipinagagawang santo sa isang eskultor.
<i>Carroza driver</i>	Pinagtambal na salita, mula sa Espanyol na <i>carroza</i> at mula naman sa Middle English na <i>drivere</i> na nangangahulugang “taong nagmamaneho ng sasakyan.”	Ang taong tagapagmaneho ng karosa, marunong dumaan sa mga lubak at magaling sa pagmamaniobra.
<i>Sastre</i>	Salitang Espanyol na nangangahulugang “mananahi.”	Ang magtatahi ng mga biglaang pangangailangan ng isang imahen. Sila ang mga mananahi at malalapitan sa mabilisang pagsasaayos ng damit ng mga santo at sayal ng karosa.
<i>Vantage Point</i>	Mula sa salitang <i>vantage</i> na hango sa Old French na <i>avantage</i> na nangangahulugang “maayos at magandang lugar o puwesto na may magandang tanawin ng isang bagay o pangyayari.”	Magandang puwesto o lulugaran ng mga magrerekord ng kabuuan ng prosisyon.

Talahanayan Blg. 2 Mga Leksim na Nabago ang Orihinal na Kahulugan

Salita	Pinagmulan	Kahulugan
<i>Prosisyon</i>	Mula sa salitang Latin na <i>procedere</i> na naging <i>processio</i> na may katumbas sa Ingles na proceed at naging <i>procession</i> na nangangahulugang “to move forward” o “magmartsa”	Isang uri ng pagpapahayag ng pananampalataya. Naaayon din sa turo ng simbahan. Banal na pagtatanghal sa mga santo.

<i>Camarero</i>	Mula sa salitang Espanyol na <i>la camara</i> na nangangahulugang “ <i>chamber</i> ” sa Modern Spanish. Sa Old Spanish, ito ay maiuugnay sa “ <i>chamberlain</i> ” o “ <i>chambermaid</i> ” na nangangahulugang tagaayos.	Sila ang mga tagapangalaga o kaya nama’y nagmamay-ari ng imahen ng poon, santo, santa at mga banal.
<i>Venerado</i>	Mula sa salitang Espanyol na <i>venerado</i> na nangangahulugang iginagalang o respetado at <i>venerar</i> naman sa Wikang Ingles na nagtataglay ng kahulugang “sambahin.”	Ito ang mga imaheng nakatanghal sa simbahan.
<i>Salida</i>	Salitang Espanyol na “nangangahulugang pag-alis”	Tumutukoy sa paglabas ng mga santo o imahen para sa isang prosisyon.
<i>Sayal</i>	Salitang Espanyol na nangangahulugang “saya”	Ito ang mga tela na ibinabalot sa ibabang bahagi ng karosa upang matakpan ang mga gulong nito.
<i>Pagsasanto</i>	Hinango sa salitang <i>santo</i> na nagmula sa salitang Latin <i>sanctus</i> na nangangahulugang banal. May katumbas sa Ingles na <i>saint</i> na mula naman sa Old French na <i>seint</i> .	Tumutukoy sa pagmamay-ari at pangangalaga sa mga imahen ng bawat santo.
<i>Una vara</i>	Binubuo ng dalawang salita, ang <i>una</i> at <i>vara</i> . Sa wikang Espanyol ang <i>una</i> ay may katumbas na “isa” at ang <i>vara</i> naman ay “patpat.”	Tumutukoy ito sa tiyak na sukat ng santo na nasa 75-80 sentimetro. Kadalasang ginagamit ang salitang ito upang tukuyin ang sukat ng imahen ng pagkabuhay. Sa mga karaniwang indibidwal, ito ay nangangahulugang “maliit.” Ayon kay Vecin, kinakailangang maliit ang sukat ng santo ng pagkabuhay at ng birhen na ginagamit dito upang bigyang konsiderasyon ang mga namamanata na bumubuhay sa andas ng mga ito tuwing Sabado De Gloria.
<i>Encargado</i>	Salitang Espanyol na <i>encargar</i> na nangangahulugang “taong nakatalaga.” Sa wikang Ingles ito ay nangangahulugang manager o person in-charge.	Tumutukoy sa isang indibidwal na nagmamay-ari ng santo.

<i>Florista</i>	Mula sa salitang Latin na <i>floris</i> na tumutukoy sa “isang indibidwal na nag-aalaga ng mga bulaklak.”	Makatutulong sila sa gayak ng karosa. Ang kanilang kakayahan na ayusan ang karosa ay para sa ikalulugod ng banal na imahen.
<i>Elektrisyan</i>	Mula sa Latin na <i>electru</i> na tumutukoy sa “ningas kung saan nagmula ang kuryente.”	Ang mga indibidwal na maaasahan sa mga wiring ng karosa at generator set. Sila ang mga maaaring tanungin sa usapin ng mga pailaw at linya ng kuryente ng karosa.
Pakaridad	Mula sa Latin na <i>caritas</i> na nangangahulugang “pagmamahal at pag-ibig.”	Tumutukoy sa mga pagkaing inihahain para sa mga namamanata na sumasama sa prosisyon, naggagayak sa mga santo at karosa, at pati na rin sa mga sumasama sa prosisyon.

Talahanayan Blg. 3 Pagsusuring sa Estrukturang mga Leksim

Salita	Bahagi ng Pananalita (orihinal)	Paraan ng Pagkabuo	Bahagi ng Pananalita sa Filipino
Debosyon	pangngalan	Loan word	pangngalan
Beato	Pang-uri	Loan word	Pang-uri
Carroza	pangngalan	Loan word	pangngalan
Iskultor	pangngalan	Loan word	pangngalan
Pasyon	pangngalan	Loan word	Pangngalan
Resplandor	pangngalan	Loan word	Pangngalan
Bastidor	pangngalan	Loan word	pangngalan
Vicaria	pangngalan	Loan word	pangngalan
Tocado/a	pangngalan	Loan Blend Paggamit ng Morphemang ponema (a/o)	pangngalan
Tunica	pangngalan	Loan Word	pangngalan
Diadema	pangngalan	Loan Word	pangngalan
Manto	pangngalan	Buong Hiniram	pangngalan
Kinumisyon	pangngalan	Maylapi, Deribasyon	pandiwa
Carroza driver	Pangngalan	Compounding	Pangngalan
Sastre	Pangngalan	Loan Word	Pangngalan
Vantage point	pangngalan	Compounding	pangngalan
Prusisyon	pandiwa	Deribasyon at Loan Blend	pangngalan
Camarero	Pangngalan	Loan Blend Paggamit ng Morphemang Ponema (a/o)	Pangngalan

Venerado	Pandiwa	Deribasyon/Loan Blend	Pangngalan
Salida	Pangngalan	Deribasyon/Loan Word	Pandiwa
Sayal	Pangngalan	Loan word	Pangngalan
Pagsasanto	Pangngalan	Deribasyon/Loan Blend	Pandiwa
Una vara	Pangngalan	Compounding Deribasyon	Pang-uri
Encargado	Pangngalan	Loan Blend Pagdaragdag ng ponema (a/o)	Pangngalan
Aureola	Pangngalan	Loan Word	Pangngalan
Rostrillo	Pangngalan	Loan Word	Pangngalan
Pescante	Pangngalan		Pangngalan
Remillete	Pangngalan	Loan Word	Pangngalan
Andas	Pandiwa	Deribasyon/Loan Word	Pangngalan
Encarna	Pandiwa	Deribasyon/Loan Word	Pangngalan
Inenkarnahan	Pandiwa	maylapi	Pandiwa
Ikalbaryo	Pangngalan	Maylapi, deribasyon Loan Blend	Pandiwa
Vestidor	Pangngalan	Loan Blend, Paggamit ng morpemang ponemang (a/o)	Pangngalan
Florista	Pangngalan	Loan Blend, Paggamit ng Morpemang Ponema (a/o)	Pangngalan
elektrisyan	Pangngalan	maylapi	Pangngalan
Pakaridad	Pangngalan	maylapi	Pangngalan

Makikita sa talahanayan blg. 3 ang pagsusuri na ginawa upang tukuyin kung paano nalikha ng mga camarero ang kanilang mga koda o rehistro sa kanilang larangan. Ang estruktural na anyong taglay ng mga leksim na ito ay maikakategorya bilang, deribasyonal, maylapi, *compounding*, paggamit ng morpemang ponemang a/o na tumutukoy sa kasarian ng isang ngalan at gayundin ang mga klase ng leksikal na panghihiram nina Haugen tulad ng loan word, loan blend, at loan shift.

Inuri bilang deribasyonal ang mga leksim na kinumisyon, prosisyon, venerado, salida, pagsasanto, una vara, andas, encarna at ikalbaryo. Tinatawag na deribasyonal ang mga ito dahil nagkaroon ng pagbabago hindi lamang sa kahulugang taglay nito kundi pati na rin sa kategoryang gramatikal nito. Tulad ng leksim na ikalbaryo, mula ito sa salitang *calvary* na may kategoryang gramatikal na pangngalan at tumutukoy sa lugar kung saan ipinako sa krus si Hesus. Dahil sa pagkakabit ng panlaping Filipino na *i-* at *ka-* nabuo ang salitang *ikalbaryo* na isa nang pandiwa.

Ang mga leksim naman na *kinomisyon*, *inenkarnahan*, *ikalbaryo*, *elektrisyan* at *pakaridad* ay ginamitan ng paglalapi. Mula sa mga pinanggalingan nitong wika, ginamit ang mga panlaping Filipino at binaybay ito sa Filipino sa pamamaraang kung anong bigkas, siyang sulat. Samantalang ang mga salitang *carroza driver*, *vantage point* at una vara naman ay pumasok sa pamamaraang compounding. Tumutukoy ito sa pagtatambal o pagsasama ng dalawang salita upang makabuo ng isa pang salita. Kapansin-pansin naman sa mga salitang *tocado/a*, *camarero*, *encargado*, *vestidor* at *florista* ang paggamit ng mga morpemang na sinasamahan ng ponemang a/o na ginagamit sa pormulasyon o pagbubuo ng mga salita upang tukuyin ang kasarian ng isang pangngalan (Gonzales-Garcia 25).

Mapapansin din na sa hanay ng mga leksim na ginagamit ng mga camarero na karaniwang ito ay hiram na mga salita. Upang makilala ang estruktura ng panghihiram sa mga code na ito, ginamit na pamantayan ang unang kategorya ng leksikal na panghihiram nina Haugen.

Ang mga leksim na *debosyon*, *beato*, *carroza*, *eskultor*, *pasyon*, *resplendor*, *bastidor*, *vicaria*, *tunica*, *diadema*, *manto*, *carroza driver*, *sastre*, *vantage point*, at *salida* ay itinuturing na mga loan word. Ayon kina Haugen, itinuturing na loan word ang mga salita kung ang anyo at kahulugan nito ay parehong hiniram. Ang mga salitang ito ay hiniram mula sa ibang wika at napanatili ang orihinal nitong kahulugan batay sa pagkakagamit ng mga camarero sa larangan ng pagsasanto.

Itinuturing naman na loan blend ang kategorya ng leksikal na panghihiram kung ang isang salita ay hiniram at sinamahan ito ng katutubong elemento ng isang wika tulad ng pagkakabit dito ng katutubong panlapi. Ganito ang naging estruktura ng mga leksim na *tocado/a*, *kinomisyon*, *prosisyon*, *camarero*, *venerado*, *inenkarnahan*, *ikalbaryo*, *vestidor*, *florista*, at *elektrisyen*.

Masusuri na ang mga leksim na hiniram upang lumikha ng panibagong kahulugan ay maikakategorya bilang loan shift. Ilan sa mga ito ang mga salitang *salida*, *sayal*, *pagsasanto*, *una vara*, *encargado*, *aureola*, *rostrillo*, *pescante*, *remillete*, *andas*, *encarna*, at *pakaridad* na mapapansing may bagong kahulugang taglay batay sa pagkakagamit ng mga camarero.

Kongklusyon

Tiyak na magbubunga ng mga tiyak na rehistro sa kahit na anong wika ang isang speech community. Pinatutunayan ng papel na ito na ang mga camarero na itinuturing na isang klase ng speech community sa larangan ng pagsasanto ay may espesyal na pamamaraan ng paggamit nila ng kanilang wika kaya nabuo ang kanilang rehistro ng wika. Natuklasan sa pag-aaral na ito na, (1) ang kanilang rehistro ng wika ay hiniram sa ilang wika tulad ng Espanyol, Latin, at Ingles. Batay sa pagiging eksklusibo sa kahulugang taglay ng mga leksim na ito, nakapagtala ng dalawang kategorya ng paghahanay sa mga rehistro, ang mga leksim na nananatili sa orihinal na kahulugan at ang mga leksim na nabago ang orihinal na kahulugan. (2) May iba't ibang pamamaraan kung paano nalilikha o nabubuo ng mga camarero ang mga katawagang ito. Sa usapin ng pagbuo ng mga salita, nagamit ang mga pamamaraang paglalapi, pagtatambal, at deribasyonal. At dahil nga ang kanilang rehistro ay mga hiram na salita, inuri ang kayarian ng mga ito bilang loan word, loan blend at loan shift. (3) Mula sa paglalagat ng

mga pamamaraan ng pagkabuo sa rehistro ng mga camarero, masusuri na may taglay itong estruktural na padron sa leksikal na panghihiram at paglalapat ng pagpapakahulugan. Una, sa mga leksim na napanatili ang kahulugan, karaniwan na ang mga ito ay nasa anyo ng loan word. Ikalawa, sa mga leksim na nabago ang orihinal na kahulugan, karamihan ay nagkaroon ng pagbabago sa kategoryang gramatikal (deribasyonal) at nasa anyo ng loan shift at loan blend.

SANGGUNIAN

- Almurashi, Wael Abdurahaman. "An Introduction to Halliday's Systemic Functional Linguistics." *Journal for the Study of English Linguistics*. 4.1. (2016). Macrothink Institute. Web. 16 June 2020.
- Demeterio, Feorillo Petronilo III A., Catherine Z. Deocareza and Marielle C. Gidalanga. "A Comparative Study on the Formation of Gay Language Words & UV Express Codes." *LLT Journal: A Journal on Language and Language Teaching*, 24.1. (2021). Academia. Web. 10 May 2021.
- Destefano, Johanna S. "Social Variation in Language Use." *The Elementary School Journal*, 72.4. (1972): 189–194. JSTOR. Web. 11 June 2020.
- Fernandez, Benito at Benito Legarda. "Philippine Religious Imagery". *Philippine Studies* 11.3 (1963): 434–438. JSTOR. Web. 10 May 2021.
- Gonzales-Garcia Lydia. *Makabagong Grammar ng Filipino*. Ikalawang Edisyon. Rex Book Store, 1999. Print
- Hicana, Maria Fe. "Pasalitang Diskurso ng Tagalog Varayti ng Taguig." *Malay Journal* 29.2 (2017): 1–13. Philippine E-Journals. Web. 12 June 2020.
- Johnstone, Barbara and William Marcelino. "Dell Hymes and The Ethnography of Communication." *The Sage of Handbook of Sociolinguistics*. (2010); 3–4, London: Sage Publishers. Web. 16 June 2020.
- Jose, Regalado Trota. *Simbahan: Church Art In Colonial Philippines 1565–1898*. Makati City: Ayala Foundation Inc., 1992. Issu.com. Web. 12 June 2020.
- Haugen, Einar. *Dialect, Language and Nation*. In Priede (ed.) 97–111. 1974. Wiley. Web. 10 June 2020.
- Paz, Consuelo J. et al.. *Ang Pag-aaral ng Wika*. Quezon City: The University of the Philippines Press. 2003. Print
- Peregrino, Jovy. et al. *SALINDAW: Varayti at Baryasyon ng Filipino*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino. Unibersidad ng Pilipinas–Diliman. 2012. Print
- Villanueva, Voltaire. "Panimulang Pag-aaral sa Varayti ng Tagalog-Pateros sa Domeyn ng Balutan." *Dalumat Ejournal* 3.1. (2012). Philippine E-Journals. Web. 12 June 2020.

- Weeks, Thelma E. "Speech Registers in Young Children."
Child Development 42.4. (1971) 1119–1131. JSTOR.
Web. 11 June 2020.
- TRAVEL TIME: The Once and the Future Semana Santa
(Holy Week Pageantry in Old Makati)
- KABILIN Semana Santa 2012. <https://www.youtube.com/watch?v=euknrK4NuCA&t=43s>